

ACTIVITY

- A. Basahin ang sampung utos at ang sitwasyon sa ilalim nito. Lagyan ng check ang bilog kung ito ay nagpapakita ng pagsunod sa utos at x-mark kung nagpapakita ito ng pagsuway sa utos ng Diyos.

Huwag kayong sasamba sa ibang diyos, maliban sa Akin.

- Si Carlos ay laging nanalangin sa Diyos. Nagtitiwala siya sa Diyos at sa Kanyang salita. Nagbabasa siya ng Bible at sinusunod ang kanyang mga natututuhan.

Huwag kayong gagawa ng mga diyus-diyosang imahen ng anumang nilalang na nasa langit, nasa lupa, o nasa tubig upang sambahin. Huwag ninyo itong yuyukuran ni sasambahin.

- Ginagaya ni Peachy ang pagnanalita, pananamit at pagkilos ng kanyang paboritong artista. Halos lahat ng kanyang oras ay nilalaan niya sa panunuod ng palabas at pagbabasa ng mga newsfeed patungkol sa iniidolong artista.

Huwag ninyong gagamitin ang pangalan Ko sa walang kabuluhan.

- Sa sobrang galit ni Lea sinigawan niya ang kanyang kapatid "Diyos ko po Rina, ano bang ginagawa mo?"

Alalahanin ninyo ang Araw ng Pamamahinga at gawin ninyo itong natatanging araw para sa Akin.

- Sama-samang nagpunta sa church ang pamilya ni Lucy. Siya ay sabik na sabik na mag-attend ng Sunday school para matuto ng salita ng Diyos.

Igalang ninyo ang iyong ama at ina.

- Madalas sumagot ng pabalang si Louie sa tuwing kakausapin siya ng kanyang magulang.

Huwag kayong papatay.

- Naisip ni Alfred na ipaghigante ang kanyang kapatid. Kumuha siya ng baseball bat at hinanap ang nanakit kay Darwin.

Maging tapat kayo sa inyong asawa.

- Ang magulang ni Sylvia ay naging tapat sa pangako nila sa isa't-isa. Kahit gaano kahirap ang pinagdadaanan nila ay magkatulong silang nagtaguyod ng kanilang pamilya.

Huwag kayong magnanakaw.

- Kinuha ni Che-che ang perang naiwan ng kanyang tatay sa ibabaw ng mesa at ibinalik ito sa kanya.

Huwag kayong magsisinungaling.

- Nagpaalam si Jonathan kay nanay na gagamitin ang computer para gumawa ng homework sa halip ay naglaro siya ng online game.

Huwag ninyong kainggitan ang pag aari nang iba.

- Bagamat luma na ang sapatos ni Rose, hindi siya nainggit at 'di rin hinangad na magkaroon ng bagong sapatos tulad ng sa kalarong si Lisa.

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang pinagawa ni Moses bilang paghahanda sa mga Israelita bago ang ikatlong araw.

2. Bukod sa dapat ihanda ng mga Israelita, ano pa ang binilin ng Diyos na huwag nilang gagawin?

3. Ano ang ibinigay ng Diyos kay Moses para sa mga Israelita?

Ang banal na Diyos ay nakipagkasundo sa mga Israelita. Sinabi Niya na kung susunod at magiging tapat sila sa Kanya, sila ang magiging bayang hinirang. Dahil ang Diyos ay banal, hangarin Niyang maging banal ang bayang itinangi Niya, naiiba sa mga tao sa mundo. Ibinigay ng Diyos ang sampung utos bilang gabay kung paano sila mamumuhay.



C. Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.

Handang-handa na si Teacher JC sa kanyang klase sa Sunday School. Dumating isa-isa ang mga batang at bumati sa kanya pagpasok ng silid. Nang kumpleto na sila, nagsimula ang klase sa isang panalangin. Hinanda ni teacher ang mga bata sa kanilang lesson sa pamamagitan ng isang laro. Hinati niya sila sa dalawang grupo.

Teacher JC: *Bago tayo mag-aral, maglaro muna tayo. May dalawang lalagyanan kayong makikita sa magkabilang dulo ng room. Yan ang inyong basket. Isho-shoot ninyo ang bola dyan sa basket na yan.*

Bella: *Parang basketball teacher?*

Teacher JC: *Tama parang basketball.*

Luis: *Same rules lang po ba sa basketball gagamitin natin 'cher?*

Teacher JC: *Hindi. Dito sa game natin, walang rules. Bibigyan ko lang kayo ng 5 minuto. Ang team na may pinakamataas na score ang mananalo.*

Nagtinginan sila Luis at Josh sabay ngiti. Sa isip nila pareho ay sila ang mananalo. Nagsimula na ang laro. Sa una ay nagkakatawanan ang mga bata dahil iba-iba ang diskarte na ginagawa ng bawat isa para lang maka-score. Habang tumatagal ay napansin ng teacher na parang nagkakaasaran na at napipikon ang ilan sa kanila.

Teacher JC: *Prrrt! (gamit ang pito) Stop.*

Tumigil ang lahat sa pagtakbo. Pinalapit niya ang mga bata at pinaupo sa sahig.

Teacher JC: *Anong nangyari sa ating laro?*

Nadia: *Ang gulo kasi teacher. Tsaka ang daya ni Luis, hinaharangan niya ako tuwing tatakbo ako sa basket namin.*

Luis: *Paano naging madaya yun? Wala naman binigay si teacher na rules so pwede gawin kahit ano.*

Napangiti si Teacher JC at tinanong ang mga bata . . .

Teacher JC: *Masaya ba maglaro ng walang rules?*

Mga bata: *Hindi po!*

Teacher JC: *Ano ang nangyari pag walang rules?*

Carol: *Nagkakagulo po teacher tsaka nagkakanya-kanya.*

Josh: *Muntik po kami mag-away ni Steve.*

Steve: *Oo nga po 'cher. Lagyan na lang natin ng rules para mas maayos ang game.*

Matapos marinig ang napansin ng mga bata ay nagsimula na si Teacher JC sa kanyang lesson. Ikwinento niya ang patungkol sa Sampung Utos ng Diyos na mula sa Exodus 19.

Nang matapos ang kuwento naunawaan ng mga bata na ang rules ay hindi lang sa laro magiging kapakipakinabang. Ang rules at laws na binigay ng Diyos sa mga tao ay nararapat lang upang makapamuhay ang tao ayon sa kalooban ng Diyos.

Paglabas ng mga bata sa classroom nakita agad ni Luis ang kanyang tatay ay niyakap niya.

Luis: *'Tay maraming salamat sa mga house rules na tinuturo mo na dapat naming sundin. Ito pala ay para sa mapayapa nating pamumuhay. Next time hindi na po ako aangal.*

Mga tanong:

1. Bakit pinatigil ni Teacher JC ang paglalaro ng mga bata?

2. Ano ang kinahinatnan ng game na walang rules?

3. May house rules ba rin sa iyong tahanan gaya ng kay Luis? Pinahahalagahan mo ba ito? Sa paanong paraan mo pinapakita ang pagpapahalaga dito?

Sa paglalaro ng mga bata ay nakita nila kung gaano kagulo ang isang laro na walang rules. Ito ay nagdudulot ng pagkalito, pagkakanya-kanya at kaguluhan. Sa kanilang napag-aralan patungkol sa Exodus 19 ay naunawaan ni Luis na mahalaga talaga ang rules at laws gaya ng binigay ng Diyos sa mga Israelita. Kaya naman nakita niya ang kahalagahan ng rules sa kanilang tahanan na pinapatupad ng kanyang mga magulang. Kahit mahirap minsan sundin ang mga rules maging sa bahay, sa paaralan o kung saan man, dapat ay matuto tayo sumunod sa mga ito.



D. Memory Verse

Ang kautusan ng Panginoon ay walang kamalian. Ito'y nagbibigay sa atin ng bagong kalakasan. Ang mga turo ng Panginoon ay mapagkakatiwalaan, at nagbibigay karunungan sa mga walang kaalaman. **Mga Awit 19:7**